Lungsod ng Seattle
Gregory J. Nickels, Mayor

BAGONG BALITA

Ibalita kaagad Hunyo 20, 2007

Ang Kokontakin: Marty McOmber, 684-8358 o 423-4541 (cell)
martin.mcomber@seattle.gov
Haddis Tadesse, 684-8119
haddis.tadesse@seattle.gov

Iniaanunsiyo ng Mayor ang karagdagang serbisyo para sa mga imigrante at refugees.

Para sa maraming serbisyong may kaugnayan sa pagsasaling-wika, mga oportunidad para sa pagsasanay sa trabaho at suportang naka-base sa komunidad

SEATTLE – Ngayon, iniaanunsiyo ni Mayor Greg Nickels ang mga hakbang na isinasagawa ng Seattle upang lalo pang mapaganda ang serbisyo para sa dumadaming populasyon ng mga imigrante at refugee. Mas pinahusay na serbisyo na may kaugnayan sa pagsasaling-wika at interpretasyon, tulong-teknikal para sa mga negosyong pag-aari ng mga imigrante, dinagdagang akses sa mga gawad (grant) ng lungsod, at isang lupong tagapayo na ang pagtutuunan ng pansin ay ang mga usaping may kaugnayan sa mga imigrante, ang ilan sa mga aksyong kasama sa mga plano ng mayor.

"Bagama't ang dumadaming bilang ng mga imigrante at refugee sa Seattle ay nagmula sa iba't ibang bahgi ng mundo, nagkakaisa din sila sa mithiing makapagtatag ng isang bago at mas magandang buhay sa bansang ito," sabi ni Nickel. "Nangangako akong aalisin ang mga hadlang sa mas magandang buhay na iyon at titiyakin ko na mapaglingkuran ng pantay-pantay ang mga residente sa lunsod na ito."

"Malugod naming tinatanggap ang mga imigrante at refugee sa Seattle. Dala nila ang bagong lakas, ang masidhing kagustuhan na matuto at magtrabaho upang umunlad ang kanilang pamumuhay," sabi ni Councilmember Tom Rasmussen, tagapamahala ng Housing, Human Services and Health Committee (Komite para sa Pabahay, Serbisyong Pantao at Kalusugan). "Ang lungsod ng Seattle ay kikilos upang maalis ang anumang hadlang sa kanilang mga pagsusumikap na magtagumpay."

"Labis kaming nalulugod na ang lungsod ay nag-aanunsiyo ng mahalagang planong aksyong ito para sa imigrante at refugee," sabi ni Pramila Jayapal, nagtatag at executive direktor ng Hate Free Zone. "Ang lungsod ay nagkaloob na noon ng kritikal na suporta para sa mga imigrante at

refugee, gaya ng pagbabawal sa mga empleyado ng lungsod – kabilang na ang mga opisyal ng pulisya – sa palagiang pagtatanong nang tungkol sa kalagayan sa imigrasyon, at tumanggap ng ibang anyo ng pagkakakilanlan, gaya ng mga Mexican identification kard. Malakas din ang pag-endorso ng lungsod sa panawagan nito para sa isang komprehensibong reporma sa imigrasyon. Ang ating mga komunidad ay noon pang nananawagan para sa isang planong aksyon na tulad nito, kabilang na ang komponente ng isang bagong(Immigrant and Refugee Advisory Board) Lupong Tagapayo para sa Imigrante at Refugee, at ikinagagalak naming makita na talagang sineseryoso ng lungsod ang pangangailangang makapagbigay sa mga komunidad ng imigrante ng mas pinagandang akses sa mga serbisyo ng lungsod."

--may kasunod pa--

Dahil sa maraming opurtunidad at kalayaan sa Estados Unidos, libo-libong imigrante at refugee mula sa buong mundo ang nanirahan sa Seattle. Ayon sa 2000 U.S. Census, ang Seattle ay tahanan ng halos umabot sa 100,000 banyaga na nagmula sa maraming iba't ibang bansa. Kung ang ganitong daloy ng populasyon ay magtutuloy-tuloy, maaaring dumami ng halos 120,000 ang mga banyaga sa Seattle sa 2010, at maaaring ito ay 20 porsiyento ng inaasahang kabuuang dami ng populasyon ng Seattle sa 2010.

Kumikilos ang lungsod ng Seattle upang maisulong ang ganap na pakikilahok ng mga imigrante at refugee sa pang-ekonomika, panlipunan at pang-sibikong pamumuhay. Noong taong 2005, ang lungsod ay gumastos ng $7.4 mikyon sa 75 target na programa na nagkaloob ng suportang pagpapayo at suportang pam-pamilya, pang-edukasyon at mga serbisyong may kaugnayan sa pagkatuto ng English bilang ikalawang wika, impormasyon at pag-aabot ng tulong o outreach. Batid ng lungsod na kailangang madagdagan pa ang kanilang mga ginagawa. Sa pagkilala sa pangangailangan para sa isang komprehensibong istratehiya upang lalo pang mapaganda ang serbisyo sa mga residente ng Seattle na hindi gaanong marunong sa wikang English, nilikha ni Nickels ang Immigrant & Refugee Report and Action Plan (Ulat tungkol sa Planong Aksyon) para sa Imigrante at Refugee.

Tinutukoy ng plano ang mga usapin at aksyon tungkol sa:

- Daan sa serbisyo at impormasyon
- Proteksyon ng mga karapatang sibil
- Sibikong pagkakaisa (Civic engagement)
- Lakas-manggagawa at pag-unlad ng ekonomiya
- Hatid Serbisyo

Ang mga input ng mga miyembro ng mga komunidad ng imigrante at refugee sa Seattle, ng mga kawani ng lungsod, pinuno ng komunidad at mga naglilingkod na organisasyon, ay tumulong para malikha ang planong ito. At,hindi lang lungsod ng Seattle ang nag iisang nagsusumikap na matugunan ang mga hamong ito, tiningnan din ng mga opisyal ng lungsod ang ginagawa ng ibang mga pamahalaan upang matugunan ang mga pangangailangan ng kanilang mga komunidad ng mga imigrante at refugee.

Sa ngayon ay nagkakaloob ang lungsod ng mas pinahusay na serbisyong kaugnay ng interpretasyon sa telepono, at nagsasagawa ng isang pangunahing programa o pilot program sa pagsasaling-wika/interpretasyon sa dalawang mag kalapit-bayan – ng Lake City at sa Southeast Seattle. Gamit ang mga espesyal na telepono, may mga interpreter na makakatulong sa mga kustomer na bibisita sa alinman sa mga sentrong ito ng serbisyo.

Noong nakaraang linggo, inianunsiyo ni Nickel na ang bago pa lamang kapapangalan na Customer Service Bureau (dating kilalang Citizens Service Bureau) ay magsisilbi na ngayong pangunahing kontak o unang pupuntahan ng mga imigrante at refugee na naghahanap ng mga serbisyo ng lungsod. May mga taga-saling wika sa telepono na makakausap ang lahat ng tatawag sa 684-CITY (2489) o pupunta sa opisina ng kagawaran sa downtown.

Ang lungsod ay nagtatag din ng Imigrante at Refugee o Immigrant and Refugee Advisory Board upang magpayo sa mayor at sa City Council nang tungkol sa mga makabuluhang usapin. Inaasahang isasagawa ng lupon ang kanilang unang pagpupulong sa Setyembre. Ito ay isa lamang halimbawa ng mga plano ng lungsod sa pagpapalawak ng mga pagsusumikap nitong makapag-abot ng tulong (outreach) sa mga komunidad ng mga imigrante at refugee.

--may kasunod pa--

Dagdag pa dito, ang lungsod ay magkakaroon ng kolaborasyon ang mga magkakapartner sa komunidad upang makapagsulong ng mga espesyal na kurso ukol sa mga batas at kustom ng Estados Unidos, at bokasyunal na Englis, at lalo pang padadaliin/dadagdagan ang tulong na may kinalaman sa pag-aasikaso ng pagkamamamayan (citizenship), magbibigay ng mas maraming oportunidad para sa pagsasanay sa trabaho, at may akses ang mga imigrante sa mga ito. Padadaliin din ng Seattle para sa mga maliliit na organisasyon ng mga imigrante at refugee na may ganitong serbisyo ang makapag-apply para sa mga gawad (grant) upang makamit ang mga pangangailangan ng kanilang komunidad. Nagpaplano ang lungsod na makiisa sa mga komunidad na mula sa Silangang Aprika upang matasa ang mga pangangailangan ng komunidad at mapalakas ang kanilang kakayanan na matugunan ang mga naturang pangangailangan.

Kamakailan lamang ng taong ito, pinirmahan ng mayor ang ng isang executive order upang lalo pang pahusayin ang mga serbisyong kaugnay ng pagsasaling-wika at interprestasyon. Halimbawa, nanawagan ito para sa pagsasaling-wika ng mga mahahalagang dokumento, gaya ng mga paliwanag tungkol sa mga serbisyo ng lungsod, mga form ng reklamo at pahintulot, mga pabatid ukol sa mga karapatan, at mga pabatid na may kinalaman sa libreng tulong sa mga wikang Spanish, Vietnamese, Cantonese, Mandarin, Somali, Tagalog at Korean. Ang mga pangunahing wikang umiiral sa malaking bilang ng mga residente sa Seattle.

Nakatulong ang bagong patakaran sa pagsasaling-wika at interpretasyon sa kasalukuyang website ng lungsod, kung saan may mga dokumentong naisalin na sa isa o mas marami pang mga wika. May kumakatawan para sa dalawamput limang wika. Noong taong 2006, pinahusay ng lungsod ang akses ng departamento sa mga serbisyong kaugnay ng interprestasyon na in-house. Nagpatala ang mga empleyadong marunong ng maraming wika upang maging bahagi ng

“Employee Language Bank,” kung saan nakalista kung sino ang mga makakatulong sa mga pang-maiksian, dagliang panahong pangangailangan ng mga tao na may kinalaman sa wika, na naghahanap ng akses sa mga programa at serbisyo ng lungsod.

Mababalik-aral at makikita ang mga plano ng mayor, online, sa kanyang Website sa: http://www.seattle.gov/mayor/issues/rsji/I&RInitiative.htm

Alamin ang pananaw ng mayor tungkol sa mga inisyatibang may kaugnayan sa pagsusulong ng transportasyon, kaligtasan ng publiko, mga oportunidad sa ekonomiya, at malulusog na komunidad, sa pamamagitan ng pagsali sa The Nickels Newsletter, sa www.seattle.gov/mayor/newsletter_signup.htm.

# # #